

Tungkol sa KOKUMIN HOKEN (National Health Insurance)

1 Ang ulo ng pamilya ang kailangang magbayad ng tax.

Ang bayad sa KOKUMIN HOKEN (National Health Insurance Tax) ay ipinapasa sa pinuno(ulo) ng pamilya. Kaya kahit hindi naka-enroll ang pinuno ng pamilya sa KOKUMIN HOKEN, kung may miyembro ng pamilya na naka-KOKUMIN, ang pinuno pa rin ng pamilya ang kailangang magbayad ng buwis.

2 Paraan ng pagkalkula ng bayad sa KOKUMIN HOKEN (National Health Insurance)

Ang KOKUMIN HOKEN (National Health Insurance Tax) ay kinukuwenta sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga sumusunod na bayarin: bayad para sa gastusing medikal, bayad para sa suporta sa matatandang senior, bayad para sa long-term care (para lang sa edad 40 hanggang 64) at bayad para sa suporta sa mga bata at pagpapalaki ng anak.

Tungkol sa pagbabago ng tax rate ng KOKUMIN HOKEN (National Health Insurance) sa 2026.

Dibisyon	para sa gastusing medikal	para sa suporta sa matatandang senior	para sa long-term care insurance	para sa suporta sa mga bata at pagpapalaki ng anak
Income-based portion	7. 43% (+0. 68%)	2. 84% (+0. 06%)	2. 44% (+0. 12%)	0. 29%
Per capita rate	31, 700円 (+2, 800円)	12, 000円 (+300円)	12, 200円 (+500円)	1, 300円 ※ Kasama ang per capita na bahagi para sa mga taong 18 taong gulang pataas
Per-household rate	20, 300円 (+1, 500円)	7, 700円 (+100円)	6, 000円 (+200円)	700円

() ay isang paghahambing ng tax rate mula sa nakaraang taon (2025).
Ang bayad para sa suporta sa mga bata at pagpapalaki ng anak
= ① Halaga ng Per capita rate ng lahat ng miyembro + ② Halaga ng Per capita rate ng mga miyembrong 18 taong gulang pataas
① Ang mga miyembrong wala pang 18 taong gulang ay hindi na kailangang magbayad.
② Ang hindi nabayarang bahagi ng mga wala pang 18 taong gulang ay paghahatian ng mga miyembrong 18 taong gulang pataas

Tungkol sa Sistema ng Suporta Para sa mga Bata at Pagpapalaki ng Anak

Ang “Sistema ng Suporta para sa mga Bata at sa Pagpapalaki ng Anak” ay bagong programa ng gobyerno ng Japan para tumulong sa mga pamilyang may anak.
Ginawa ito dahil kumakaunti ang mga batang ipinapanganak sa Japan. Gusto ng gobyerno na mas madaling magpalaki ng anak.
Para magkaroon ng pondo ang programang ito:
・Mangongolekta ang gobyerno ng dagdag na bayad mula sa health insurance.
・Ang mga kompanya o organisasyong may health insurance ay magbabayad nito sa gobyerno.
・Simula Abril ng Reiwa 8, madadagdag ito sa kasalukuyang bayad sa health insurance.
Sa madaling salita, lahat ay mag-aambag nang kaunti sa health insurance para masuportahan ang mga bata at mga pamilyang nagpapalaki ng anak sa Japan.

Tungkol sa tax reduction / Sistema ng kaltas sa National Health Insurance para sa taong 2026.

1 Tungkol sa 70% / 50% / 20% na tax reduction para sa mga sambahayang mababa ang kita (Hindi kailangang mag-apply).

Ang babayaran sa health insurance (Per capita rate at Per household rate) ay awtomatikong babawasan ayon sa tinatawag na reduction rate.

Target households	Reduction rate
Para sa mga sambahayan na ang kabuuang kita sa taong 2025 (Reiwa 7) ay ¥430,000 o mas mababa, dagdag ang ¥100,000 para sa bawat miyembrong may kita maliban sa una.	70%
Para sa mga sambahayan na ang kabuuang kita sa taong 2025 (Reiwa 7) ay hindi hihigit sa ¥430,000 + (¥310,000 × bilang ng mga miyembrong nakasali sa KOKUMIN HOKEN + ¥100,000.	50%
Para sa mga sambahayan na ang kabuuang kita sa taong 2025 (Reiwa 7) ay hindi hihigit sa ¥430,000 + (¥570,000 × bilang ng mga miyembrong nakasali sa KOKUMIN HOKEN + ¥100,000.	20%

※Para sa mga sumasahod o nakakatanggap ng pensiyon: Sa mga nakakatanggap ng sahod na mas malaki sa 550,000 Yen at 600,000 Yen mula sa Pambansang pensiyon(wala pang 65 taong gulang) o kaya 110,000 (65 taong gulang o higit pa)
※Kung hindi ma-verify o makumpirma ang kabuuang kita ng sambahayan noong nakaraang taon, hindi maibabawas ang halagang iyon.Kung hindi ka nakapag-file ng income tax para sa taong 2025, siguraduhin mong maipasa o maihain ito.

2 Tax reduction para sa mga taong napilitang umalis sa trabaho dahil sa hindi inaasahang dahilan (kailangan magpasa ng aplikasyon)

Para sa mga umalis sa trabaho dahil sa mga hindi inaasahang dahilan, kung nakatanggap ka ng unemployment benefits tulad ng para sa “Persons with specific qualifications as recipients” o “Unemployed workers with specific reasons”, maaaring bawasan ng 30% ang halagang pagbabasehan ng iyong National Health Insurance tax mula sa kabuuang suweldo mo noong nakaraang taon.Ibig sabihin, 70% na lang ng iyong dating kita ang gagamitin sa pagkalkula ng buwis.
Tandaan na maaaring hindi mabawasan ang iyong National Health Insurance tax kung mababa na talaga ang suweldo mo noong nakaraang taon.


item	Content
Target person	Kung ang mga sumusunod na numero ang nakasulat sa kolum ng dahilan ng pag-alis sa trabaho sa iyong Employment Insurance Qualification Certificate, ito ang ibig sabihin: (A) Para sa mga taong may tiyak na kwalipikasyon bilang mga tagatanggap (kawalan ng trabaho dahil sa pagkalugi ng kumpanya, pagpapaalis, at iba pang hindi inaasahang dahilan) Mga code: 11, 12, 21, 22, 23 (B) Para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho dahil sa mga tiyak na dahilan (hal. pagtatapos ng kontrata o iba pang sitwasyong hindi kontrolado ng manggagawa) Mga code: 23, 33, 34
Panahon ng pagbawas	Mula sa buwan pagkatapos mo mawalan ng trabaho hanggang sa katapusan ng susunod na taon mula sa buwan na iyon.
Ang mga kailangan ihanda para sa application	①Dokumento na nagpapakita ng iyong “My Number” ②INKAN / Recognition seal ③KOYO HOKEN JUKYU SHIKAKUSHASHO(Employment Insurance Qualification Certificate)

※Ang mga “Exceptional recipients” at “Elderly Recipients” ay hindi naaangkop.

3 Iba't ibang sistema ng reduction (mag-apply sa loob ng taong piskal)

	Tax reduction type	Income limit	Reduction amount	Mga requirement para sa pag-aaply
1	Income reduction Para sa mga kaso tulad ng pagkamatay, sakit (na may medikal na paggamot sa panahon ng 6 na buwan o higit pa), kawalan ng trabaho, pagsasara ng negosyo, atbp ng mga miyembro ng KOKUMIN HOKEN, tatanggapin ang pagbawas sa tinantyang halaga ng kabuuang kita, atbp sa panahon ng 2026 at mababawasan sa mas mababa sa kalahati ng kabuuang halaga ng kita, atbp sa 2025	Ang annual income ng pinuno ng sambahayan at miyembro ng KOKUMIN HOKEN sa 2025 ay 3 milyong yen o mas kaunti	Ang halaga na katumbas ng kalahati ng bahagi ng bayad na nakabatay sa kita (income-based portion), na kailangang bayaran sa itinakdang petsa pagkatapos mangyari ang tinukoy na pangyayari	① Mga dokumento na magpapakita ng kabuuang halaga ng kita, atbp ng pinuno ng sambahayan at lahat ng mga miyembro ng KOKUMIN HOKEN para sa buong taon ng 2025 at 2026(GENSEN, SHUSHI KEISANSHO Income and expenditure statement, atbp.) ② Mga dokumento na nagpapatunay ng dahilan ng pagbaba ng kita (Medical ertificate (Nagpapakita na nagpagamot ng 6 na buwan o higit pa), RISHOKU SHOMEISHO(Certificate ng kawalan ng trabaho, kopya ng abiso ng pagsasara ng negosyo, atbp.) ③ INKAN (HANKO)
2	Disaster relief Kapag ang isang pinuno ng sambahayan o isang miyembro ng KOKUMIN HOKEN ay nakakaranas ng pinsala sa higit sa 3/10 ng presyo ng mga gamit sa bahay/sambahayan kung saan nakatira ang pinuno ng sambahayan o miyembro ng KOKUMIN HOKEN dahil sa mga sakuna tulad ng lindol, bagyo, baha, o sunog (Ang halaga ng pinsala ay hindi kasama ang halagang sakop ng fire insurance atbp.)	Ang annual income ng pinuno ng sambahayan at mga miyembro ng KOKUMIN HOKEN sa 2025 ay 10 milyong yen o mas kaunti	Ang buong halaga mula 1/8 ng halaga ng babayaran na nakatakandang mabayaran makalipas ang araw ng sakuna (depende ito sa antas ng pinsala o kabuuang halaga ng kita, atbp)	① RISAI SHOMEISHO O HISAI SHOMEISHO (Disaster certificate o Damage certificate) ② Dokumento na nagpapakita ng laki ng pinsala at ang halaga ng insurance coverage ③ INKAN (HANKO)
3	Reduction para sa mga medikal na subsidyo Kung ang miyembro ng KOKUMIN HOKEN ay isang tumatanggap o kwalipikado ng subsidy sa paggastos para sa mga taong may kapansanan, ina/anak/ama ng sambahayan, at may sakit sa pag-iisip, at tumatanggap ng iba pang mga benepisyo sa medikal ayon sa batas, atbp.	Ang annual income ng pinuno ng sambahayan at mga miyembro ng KOKUMIN HOKEN sa 2025 ay 1.5 milyong yen o mas kaunti	Ang halaga na katumbas ng 20% (2/10) ng bahagi ng bayad na nakabatay sa kita (income-based portion), na kailangang bayaran sa itinakdang petsa pagkatapos mangyari ang tinukoy na pangyayari	① IRYO JUKYUSHASHO (Medical Expenses Recipient Certificate) o JUKYUSHA NINTEISHO (Qualified Recipient Certificate) ② INKAN (HANKO)
4	Reduction para sa mga tumatanggap ng SEIKATSU-HOGO		Ang halaga na kailangang bayaran sa itinakdang petsa pagkatapos mangyari ang tinukoy na pangyayari	① INKAN (HANKO)
5	Reduction para sa mga taong nakapasok sa isang institusyong penal		Mga taong sakop ng Artikulo 59 ng Batas sa KOKUMIN HOKEN	① Dokumento na nagpapakita ng mga petsa na ikaw ay nasa institusyong penal (ZAISHO SHOMEISO, atbp.) ② INKAN (HANKO)

•Puwedeng tingnan ang liham na nakatranslate kung i-scan ito.
Kung hindi nakakita, pakisuyong ipaalam sa amin.Isesend namin ang liham na nakatranslate.



(<https://www.city.anjo.aichi.jp/kurasu/hokennenkin/kokuho/douhuutirasi.html>)

Contact

Anjo City Hall, Division Health Insurance Pension Division, National Health Insurance Section (Main Office 1st floor, 9th window)
TEL : 0566-71-2230
Oras ng opisina: Mula 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon
Opisyal na website ng lungsod (https://www.city.anjo.aichi.jp)